

Chapter One



“Congratulations, anak!” masayang pagbati ni Lanie, ang ina ni Katrina, habang yakap siya nito nang mahigpit. Sunod namang yumakap at bumati sa kanya ang ama.

“Thank you, Ma, Pa. If it weren’t for you, I wouldn’t be able to finish my studies. Kaya heto po, para sa inyo,” aniya at ibinigay sa mga ito ang kanyang diploma.

“Naku! At talagang nagdrama ka pa, ha? Hindi bagay sa ’yo, anak.” Mahinang hinampas siya ng kanyang ina sa braso. Nagtawanan silang tatlo kapagkuwan.

“Bago pa kayo magsiiyakan diyan, tara na’t

kumain,” aya sa kanila ng ama niyang si Rolando. Tinungo na nila ang kanilang sasakyan.

“Susunod po ba sa ’tin sina Ate at Kuya?” tukoy ni Katrina sa dalawang kapatid. Tatlo silang magkakapatid at siya ang bunso. Kaya naman medyo na-spoil siya ng mga magulang.

“Hindi. Pero may iba tayong makakasama sa pag-celebrate,” sagot ni Rolando.

Nagtataakang tiningnan niya ito mula sa backseat. “Sino po, Pa?”

“You’ll see, anak,” seryosong turan nito. Nagulumihanan tuloy siya sa kakatwang ikinilos ng kanyang mga magulang. Katulad kasi ng ama ay bigla ring naging seryoso ang kanyang ina.

Palabiro ang mga ito at karaniwang masayahin kaya malaking katanungan sa kanya ang iniaakto ng mga ito ngayon. Gayunpaman, ipinagkibit-balikat na lamang niya iyon. Baka may inihanda lang na sorpresa sa kanya ang mga ito kaya ganoon. Napangiti tuloy siya sa naisip.

Ngunit pagdating nila sa restaurant ay animo itinulos si Katrina sa kinatatayuan nang makita sa di-kalayuan ang lalaking hinding-hindi niya malilimutan kailanman, kahit anong magic spell pa ang gawin sa kanya.

Aljed Lorenzana stood there. His eyes were

still full of contempt as he looked at her. But he's handsome as ever...

Damn, Katrina! Akala ko ba ibinaon mo na sa baul ang pagkahumaling mo sa bruhong iyan?

"Hija? Come on, he's been waiting for us," pukaw ni Rolando sa kanya.

"Pa? Ano'ng ginagawa niya dito?" malalim ang gatla sa noong baling ni Katrina sa ama habang nakaturo sa binatang nasa di-kalayuan nila.

"Halika muna, anak, saka namin sasagutin ang tanong mo." Iginiya siya nito palapit sa mesang inookupa ng binatang ayaw na niyang makita sa buong buhay niya. Pero sa malas ay heto at ito pa pala ang sorpresang inihanda ng mga magulang sa kanya. How ironic life could be!

"Magandang hapon po," magalang na bati ni Aljed sa mga magulang ng dalaga. Pagkatapos ay sa kanya naman napabaling ang mga mata nito. At sa kagagahan niya ay para pa talaga siyang nanghina sa tinging iyon.

Ni walang ka-amor-amor ang pagkakatingin niya sa 'yo, kaya huwag kang umaktong lovesick, please lang!

"Katrina," tanging sinabi nito matapos siyang tanguan.

Natawa tuloy nang mapakla si Katrina. “Wow! Ang warm!” sarkastiko niyang sabi bago umupo na rin doon. Magkatapat sila nito habang nasa magkabilang panig naman nila ang kanyang mga magulang.

“Katrina,” mababa ang boses na saway ng kanyang ama. Napaismid na lang siya. “As agreed before, nandito si Aljed ngayon para tuparin ang pangako niya at ng kanyang pamilya sa ‘tin,” paliwanag nito, dahilan para mapamulagat ang kanyang mga mata.

“But, Pa! That was years ago! Akala ko nakalimutan na ninyo iyon?” angil niya. “We haven’t talked about it ever since that happened. So why all of a sudden, here we are again?”

“Anak, hindi ibig sabihin na porque nanahimik na kami ay kinalimutan na namin ang nangyari. Hinding-hindi na mawawala sa isipan namin ang pangyayaring iyon, hija. And an agreement is an agreement. Masaya na kaming tumutupad sa usapan at pangako niya si Aljed,” anito saka binalingan ang binata. Tumungo ang huli na animo nagbibigay-respeto sa kanyang ama.

Napabuga tuloy si Katrina ng hangin sa pasarkastiko niyang pagtawa. “P’wede ba? Huwag

ka ngang umaktong maamong tupa sa harap nina Papa't Mama. Alam na alam ko namang kung ikaw lang ang masusunod ay matagal mo na ring kinalimutan ang kasunduang iyon."

"Katrina, huminahon ka nga!" awat sa kanya ng inang si Lanie na hinawakan ang braso niya. "You know what? Ba't hindi kayo mag-usap? Nang kayo lang dalawa. Iiwan na muna namin kayo. We'll wait for you at home, hija." Tumayo na ang kanyang mga magulang at iniwan nga silang dalawa roon.

"Magsalita ka na. P'wede mo nang ilabas ang tunay mong nararamdaman sa kasunduang 'to dahil wala na sila Mama't Papa. At please lang, huwag kang ipokrito sa harap ko," ani Katrina sa mababang boses pero puno pa rin ng pagkadisgusto. Samantala, matiim lang siya nitong tiningnan nang ilang sandali.

"May palabra de honor akong tao kaya ako nandito sa harap mo ngayon. At p'wede ba? Huwag ako ang sinisisi mo sa kakaharapin nating sitwasyon. Dahil ikaw naman ang puno't dulo ng lahat ng 'to, di ba?" mababa rin ang boses na sabi ng binata, pero makikita rin sa mga mata ang disgusto sa kanya.

And she hated it just like the last time that

he talked to her years ago...



Ang nakaraan...

“Pa’no? See you girls na lang sa susunod na pasukan?” ani Sarah sa kanilang dalawa ni Jennylyn. Ang mga ito ang itinuturing niyang matalik na mga kaibigan sa paaralan.

“Good luck sa summer jobs natin! Basta, mag-save tayo ng pang-treat natin sa isa’t isa galing sa unang sweldo natin, okay?” paalala ni Jennylyn. Nag-high-five muna silang tatlo bago naghiwa-hiwalay para umuwi.

Pagkauwi ay agad na hinarap ni Katrina ang kanyang notebook laptop para gumawa ng resumé. Ayaw niyang mag-aksaya ng oras. Dalawang buwan lang ang bakasyon kaya dapat ay makakuha kaagad siya ng trabaho sa pinakamadaling panahon.

“Nak, ano iyang pinagkakaabalahan mo diyan at mukhang engrossed na engrossed ka yata?” pukaw ng ina sa kanya saka umupo sa sofa na naroon. Samantala, nakade-kuwatro naman si Katrina sa sahig sa tapat ng mesita nila sa sala.

“Gumagawa ako ng resumé, Ma.”

“Resumé? Ni hindi ka pa nakakapagtapos ng high school ’tapos magtatrabaho ka na?”

Tumigil siya sa pagtipa sa notebook para harapin ito. “Ma, summer job lang naman po. Gusto ko lang pong ma-experience ang buhay ng isang adult. Ayaw n’yo po ba n’on? Maaga akong matututo sa buhay.”

“Rolando, kausapin mo nga ’tong anak mo.” Tumayo na si Lanie at tumungo sa kusina. Tumabi naman sa kanya ang ama niya pagkaraan.

“Katrina, anak.” Ipinatong nito ang kamay sa kanyang balikat. “Syempre ikinasisiya namin that you’re taking the initiative to mature in your own way. Kaya lang ay hindi mo naman maiaalis sa ’min ang mag-alala. Fifteen ka pa lang. Baka kung mapaan ka.”

“Pa, dalawang buwan lang naman po, eh. At saka, huwag po kayong mag-alala. Kapag may tumanggap po sa ’kin, ipapaalam ko po agad sa inyo kung saan iyon at kung ano ang magiging trabaho ko. Panigurado naman pong simpleng trabaho lang ang p’wede kong pag-apply-an dahil nga minor pa lang po ako. Gusto ko lang po talagang ma-experience ang pakiramdam na pinaghirapan ko po ’yung perang matatanggap ko. Gusto ko rin po kayong i-treat gamit ang unang suweldo ko,” paglalambing na niya rito kapagkuwan.

Ginulo nito ang buhok niya. “Talagang alam na alam mo kung pa’no kami mapapa-oo, ha?” anito. “Lan?” Kapagkuwan ay tawag-pansin nito sa kanyang ina na animo hinihingi ang opinyon nito. Lumabas ang asawa nito mula sa kusina.

“Hay naku! Mahihindian ba natin ang batang iyan?” nakangiting anito na tila naantig din sa sinabi niya kanina. “Basta ba mag-iingat ka, okay?”

“Promise po!”



Isang araw ay tumunog ang message alert tone ng cellphone ni Katrina. Napakunot-noo pa siya nang makitang hindi registered ang number ng nag-text. Nang buksan niya ang mensahe ay biglang sumasal ang pagtibok ng kanyang puso.

“May interview ako bukas!” malakas na sigaw niya pagkaraan at tumalon-talon dahil sa sobrang kaligayahan. Sa wakas, tulad ng dalawa niyang kaibigan ay magkakaroon na rin siya ng trabaho.

Kinabukasan, maaga siyang gumising upang maghanda para sa kanyang interview sa isang maliit na RTW shop. Saleslady ang hinahanap ng mga ito na nabasa niya sa naka-post na papel sa labas ng shop. Kaya naman inigihan niya ang

pag-aayos ng sarili nang sa ganoon ay makita ng interviewer na presentable siyang iharap sa customers. Kailangan din niyang magmukhang mature nang kaunti para mas maging kapanipaniwala na magiging responsable siya sa trabaho.

Hiniram niya ang lipstick ng kanyang ina. Light pink matte iyon kaya hindi siya magmumukhang trying hard to be an adult. But it surely made her look a bit more mature compared to her age. Iyon din ang ginamit niyang lipstick nang magpakuha siya ng picture para sa resumé nang sa ganoon ay hindi iyon basta bale-walain at matakpan ng iba. Naglagay rin siya ng light brown eyeshadow para madagdagan ng kaunting sipa ang kanyang aura. Hindi na niya kailangan pang i-enhance ang eyebrows dahil natural na makapal iyon at maganda ang pagkakakorte.

Pagkatapos mag-makeup ay tumayo siya sa harap ng full-length body mirror sa kuwarto at tiningnan ang kabuuan. Suot ang floral three-fourth sleeves blouse partnered with navy blue skinny jeans and sandals with three-inch heels, itinaas niya ang noo habang tinitingnan ang sarili. Napangiti siya nang magustuhan ang

kinalabasan ng itsura. Walang mag-iisip na labinlimang taong gulang pa lang siya. She now looked every inch a lady.

“Wow! Ang ganda naman ng dalaga namin!” puri sa kanya ni Lanie pagkalabas niya ng kuwarto.

“Look at you, hija.” Iniharap siya ng ama. “Wala ka pang eighteen pero mukhang p’wede ka nang pumasok sa corporate world sa itsura mo ngayon, ah.”

“Tingin n’yo po ba matatanggap ako sa interview ko ngayon?” kinakabahang tanong niya, pero hindi kababakasan niyon ang kanyang itsura.

“Of course! Sa ganda mo bang iyan? But, hija, ’wag ka naman masyadong magmadaling magdalaga, ha? Pa’no na lang kami ng mama mo kapag wala na kaming baby dito sa bahay?” Naglungkot-lungkutan pa talaga si Rolando na ikinatawa niya.

“Pa, this is just for interview purposes. Okay? Sabi nga nila, first impressions last. Kaya dapat sa itsura ko pa lang ay mapa-oo ko na ang kung sino mang mag-i-interview sa ’kin.”

“Spoken like a true young lady,” wika ni Lanie na nginitian niya nang may buong kumpyansa.

Chapter Two



Nagmamadaling pumunta sa shop si Aljed dahil bukod sa kailangan niyang tumulong sa paglalagay ng price tags sa mga products nila ay may interview rin siyang gagawin nang umagang iyon. May kailangan din siyang tapusing assignment na isa-submit naman niya sa klase sa gabi.

He's twenty-four years old, fourth year irregular in BS Psychology. BSBA major in Management ang unang kursong tinapos niya dahil sa impluwensya ng kanyang mga magulang. Gusto kasi ng mga itong tumulong siya sa pamamahala sa kanilang family business na RTW shops. Hindi naman iyon malaking

negosyo, pero proud ang mga magulang niya dahil itinayo iyon ng mga ito sa sariling pagsisikap mula nang mag-asawa.

But because his heart was not really into managing a business, he begged his parents to allow him to pursue what he truly loved. And that was taking up Psychology. Aljed wanted to be a great psychologist someday. Someone who could help people face their fears and deal with life's struggles mentally and psychologically. Someone to be there for them when they feel all alone and that nobody understands them and what they're going through. Especially in this day and age when depression is wreaking havoc to people's lives. He could already envision himself putting up his own clinic someday after a couple of years of hospital service.

Pinayagan naman siya ng mga magulang sa isang kondisyon. Na habang nag-aaral siya ay kailangan niyang i-manage ang isa nilang shop. Ang itinoka ng mga ito sa kanya ay ang pinaka-busy na shop na nakapuwesto malapit sa city hall kaya maraming taong nagpupunta roon. Dahil bawas na ang subjects na kailangan niya, he accepted the challenge. Hindi bale nang mahirapan siya basta maabot lang niya ang

pangarap.

Sa umaga hanggang hapon ay nasa shop si Aljed. Sa gabi naman ang klase niya apat na araw sa isang linggo. Puwede ring hindi niya kunin ang summer class na iyon, pero minabuti na rin niyang kunin para mabawasan pang lalo ang units niya pagtuntong niya ng fourth year kung saan magsisimula na siya sa practicum nila.

Abala siya sa pagtatatak ng presyo sa mga produkto nilang damit na RTW nang tinawag ni PJ ang kanyang pansin. Si PJ ang kanyang right-hand sa shop.

“Jed, nandiyan na’yung aplikante mo,” anito habang dala-dala ang ilan pang box ng mga damit sa loob ng stockroom para matatakan ng presyo.

Hindi siya nagpapatawag ng ‘Sir’ lalo’t halos magkakalapit lang ang mga edad nila. Matanda ng apat na taon sa kanya si PJ. Matanda naman si Aljed ng apat na taon kay Beth. Si Mia ay pinsan niya. ‘Kuya’ na lang ang ipinatawag niya sa mga ito sa kanya. Isa pa ay itinuturing na rin niyang kaibigan ang mga ito. Kahit ganoon ay nandoon pa rin ang respeto ng mga ito sa kanya.

“Okay, sige. Papasukin mo na dito. Paupuin mo na lang diyan,” turo niya sa upuang nandoon

sa katapat ng maliit na mesa na nasa loob din ng stockroom. Iyon na rin ang mini-office niya.

“Okay,” ani PJ saka lumabas.

Nang muling bumukas ang pinto ay in-expect na ni Aljed na ang aplikante na ang pumasok. Pero ang hindi niya inasahan ay ang malamyos nitong tinig.

“Good morning po,” bati nito sa kanya.

Nang lingunin niya ang kinaroroonan ng pinto ay matindi ang ginawa niyang pagpipigil sa sarili para hindi rumehistro sa kanyang mukha ang paghanga sa babaeng nakatayo roon.

“Good morning din. Maupo ka,” kaswal niyang sabi saka iminuwestra ang upuan.

“Thank you,” anito na may mahinhing ngiting nakapaskil sa mga labi.

Pinagpag ni Aljed ang mga kamay matapos bitawan ang huling pirasong nakabalot na damit pagkatapos iyong tatakan ng presyo. Tinungo niya ang mesa at naupo sa silyang nasa likuran niyon.

“Please excuse me if I’d be direct to the point in this interview. Marami pa kasi akong gagawin, as you can see.”

“No problem, Sir,” magalang nitong tugon.

“So, do you think you can handle the job

that you're applying for?" He tried so hard to sound casual. Kailangan niyang maging pormal. At naiinis si Aljed dahil kailangan pa niyang paalalahanan ang sarili niyon samantalang hindi siya dating ganoon.

He was usually natural in treating people accordingly. Kaya nga nagustuhan niya ang kursong Psychology dahil pakiramdam niya ay may natural siyang kapasidad na makisama sa iba't ibang personalidad ng sangkatauhan. Madali para sa kanya ang basahin ang pagkatao ng mga taong nakakaharap niya. His friends also told him that he's natural in giving advices whenever they needed them. Kaya napagtanto niyang bagay nga sa kanya ang kursong iyon.

Pero mukhang masisira yata ang diskarte niya sa kaharap. Kailangan niyang ma-overcome ang pagka-overwhelm sa presensya nito. He should be able to control his feelings.

Mind over matter, man, paalala pa ni Aljed sa sarili.

"Yes, Sir," may kumpiyansang agad na sagot nito. "Masipag po akong tao kaya makasisiguro po kayong gagawin ko ang trabaho sa abot ng aking makakaya."

"You have to know that you will not only

entertain customers. Marami ka pang ibang gagawin sa shop. Kagaya na lang ng paglilinis bago tayo magbukas at pati na rin bago magsara. Marunong ka bang magwalis?” Hindi niya maiwasang lumabas sa tono ng pananalita ang hindi pagkapaniwala sa kapasidad nito. Parang masyado kasi itong maganda para humawak ng walis. Animo napahiya naman ito sa sinabi niyang iyon. But the lady surely knew how to put a mask on her beautiful face.

“Pinalaki po ako ng ina ko na marunong sa mga gawaing-bahay kaya hindi n’yo po kailangang mag-alala, Sir,” magalang pa rin nitong sagot. Nanatiling may mahinhing ngiti sa mga labi nito.

Tumango-tango si Aljed. “Good. Kailangan mo ring tumulong sa pag-arrange ng mga items natin dito. Plus inventory. I believe you’d say that you can do them as well, right?”

Mas lumawak ang pagkakangiti nito na dahilan ng sandali niyang pagkawala sa sarili.

“Oo naman po, Sir. Madali po akong matuto kaya naniniwala po akong kaya ko ring gampanan ang mga iyon.”

“Okay,” aniya matapos tumikhim para ibalik ang pormalidad sa kanyang boses. “So, how long

do you think you can work for us?”

“As much as I’d love to work for a longer period, Sir, I can only serve your establishment for two months.”

Napakunot-noo siya sa sinabi nitong iyon. “Bakit naman?”

Lumabi ito bago sumagot, “Kasi po, Sir, summer job lang ang ina-apply-an ko.”

“Ha?” Hindi siya makapaniwala sa narinig. Tuloy ay nagmukha yata siyang tanga sa harap nito ngayon.

Itinuro nito ang hawak niyang transparent folder na laman ang resumé nito. “Nakalagay po sa objective ng application letter ko na summer job lang po ang ina-apply-an ko, Sir.”

“Anong year ka na ba sa college?”

“Sir, mag-fo-fourth year pa lang po ako... sa high school.”

“What?” Napabulalas na siyang talaga. Saka mabilis niyang binuksan ang folder ng resumé nito. Napanganga si Aljed nang mabasa roong fifteen years old pa lang pala ito. “Beth...” Nakatiim-bagang at pikit-mata niyang pagbanggit sa pangalan ng pinakamatagal na nilang saleslady roon na siyang inatasan niyang mamili sa mga aplikante.

“I’m really sorry for the confusion, Miss Katrina Abonales. Nawala kasi yata sa isip ng tauhan ko na full-time ang hinahanap naming aplikante. Iyong kayang magtagal sa ’min. But please don’t think that you’re rejected because you’re not qualified. Sa totoo lang ay tatanggapin na sana kita kung hindi lang dahil sa edad mo. Why don’t you just enjoy your vacation? For sure, ang ibang mga kaedad mo ay masayang-masaya dahil sa bakasyon n’yo.”

“I just want to experience the life of a real adult, Sir. Lalo na at magka-college na po ako by next year. I want to be more responsible so that I can prepare myself for the future. And I believe that this opportunity can help me mature in many ways.

“Isa pa, gusto ko po sanang malaman ang pakiramdam ng magkaroon ng perang pinaghirapan ko. And I would like to treat my family and a few friends using that hard-earned money, if you may allow, Sir,” she explained in a very mature way. Hindi tuloy mapigilan ni Aljed na bumilib dito. Ang bata-bata pa nito para mag-isip nang ganoon.

Napahugot siya ng malalim na hininga. “You explained yourself in a way that it’ll be hard for

me to say no, Miss Abonales. Especially that I can see that you tried your best to look mature for this interview. It only shows that you really want to land this job. At ayoko sanang hadlangan ka sa pag-abot ng goal mong iyan. But I also need to be professional here. You're still underage, hindi natin maitatago ang katotohanang iyon. Ako ang malalagay sa kapahamakan kapag tinanggap kita knowing that you're a minor—"

"My parents already agreed to this, Sir. I'm sorry to interrupt you," mabilis nitong sansala sa indirektang pag-reject na naman sana niya rito. "I can assure you that I'll bring my parents' consent for work permit on my first day here. That is if you'd accept me for this job, Sir."

Napangiti na si Aljed sa pagkakataong iyon. "You surely won't take no for an answer, huh? Sana ganyan ka rin ka-enthusiastic when it comes to work." Nasaksihan niya ang pagliwanag ng mukha ng kaharap pagkasabi niya niyon. And it seemed like an angel touched his heart after seeing that wonderful sight.

"Does that mean that I'm already hired, Sir?" animo di-makapaniwalang paniniguro ni Katrina.

Tumango siya. "Maliit lang ang suweldo,

Miss—”

“Naku! Thank you po, Sir!”

Ngayon nasaksihan ni Aljed ang pagiging quince años ng kausap sa reaksyon nitong iyon.

Damn! I've been fooled by a teenager, nahihiyang sabi niya sa loob-loob niya. “You can start working tomorrow. We open the shop at nine a.m. So, be sure to be here a couple of minutes earlier than that.”

“Yes, Sir! Makakaasa po kayo,” masiglang-masiglang tugon nito na muli niyang ikinangiti nang bahagya.

“And don't forget to bring your parents' consent. Okay? Or else—”

“I promise, Sir!” anito, nakataas ang kanang kamay.

“Okay. See you tomorrow then.”

“Thank you po ulit, Sir.” Inilahad nito ang kanang kamay sa harap niya, like a true adult would do. Napahiya tuloy si Aljed sa sarili. Siya dapat ang gumawa niyon.

Nang tinanggap niya ang kamay ni Katrina ay saglit pa siyang natigilan. He liked the warmth coming from that small hand of hers.

Don't be such a pedophile, Aljed! saway niya sa sarili kapagkuwan. Mukhang kailangan

yata niyang mag-ipon ng self-control ngayong makakatrabaho na niya ang dalagita mula bukas.



Alas ocho y media pa lang ng umaga ay nasa loob na ng complex si Katrina. Sarado pa ang shop nila kaya tumalungko na muna siya sa harap niyon. Hindi nagtagal ay dumating na si PJ na nakilala na niya kahapon pa lang nang in-interview siya.

“Good morning, Kuya!” masiglang bati niya rito. Agad naman itong ngumiti sa kanya.

“Aga natin, ah. Sabagay, first day. Panigurado, sa mga susunod na araw gagaya ka na rin doon kina Beth at Mia na eksaktong alas nueve kung dumating,” anitong nakangiti habang binubuksan ang pinto ng shop nila.

“Hindi naman po siguro. Lalo na’t nandito lang po ako for two months. Susulitin ko na po iyon bilang isang masipag na empleyado,” pabiro niyang sabi. Natawa si PJ sa kanya.

“Ayos ka rin, ah.” Nag-thumbs up ito at nakipag-high-five. “Tingin ko magkakasundo tayo.”

Mukhang kagaya niya ay magaan din ang loob nito sa kanya kaya mas sumaya pa si Katrina. Nakakabawas pala ng kaba iyong alam

mong kasundo mo ang mga makakasama mo sa trabaho.

“Sipag natin, ah!” ani Beth na sunod na dumating nang maabutan siya nitong nagwawalis. Binati niya ito. Kasunod naman nitong dumating si Mia na napag-alaman niyang pinsan pala ng manager nila na siyang nag-interview sa kanya kahapon.

“Siyanga pala, Trina, nasabon ako ni Kuya Aljed kahapon dahil sa ’yo, ah. Malay ko ba naman kasing fifteen ka pa lang, ’no! Eh, ang galing ng pagkakalagay mo ng makeup doon sa picture mo kaya hindi ko na tiningnan ’yung age. At saka, ikaw pa lang ang nag-submit ng application sa ’min kaya tinext na agad kita. Ang hirap na dadalawa lang kami ni Mia dito sa harap, eh. Lalo na kapag maraming customers,” litanya ni Beth.

“Muntikan nga akong hindi matanggap. Buti na lang talaga na-convince ko si Sir.”

“Ang aga-aga, tsismisan na naman ang inaatupag n’yo. Trabaho muna, girls.” Muntikan nang mabitiwan ni Katrina ang hawak na walis nang biglang magsalita mula sa likuran niya ang manager nila na Aljed pala ang pangalan.

“Good morning, Sir,” bati niya agad dito.

Tinanguan siya nito saka pumasok na sa stockroom.

“Ang galang!” tukso ni Mia sa kanya. Natawa tuloy siya.

“Aba, syempre. Boss natin siya, eh.”

“Kuu! ‘Kuya’ lang naman ang tawag namin sa kanya kaya ’wag mo na siyang tawaging ‘Sir’.”

“Nakakahiya. Kabago-bago ko pa ’tapos feeling close na agad?”

“Tingnan natin kung hanggang kailan iyang *Sir* mong iyan,” nakangising turan ni Mia na sinang-ayunan ni Beth.

Mayamaya pa ay abala na ito sa pag-arrange ng mga damit. Samantala, tinuruan siya ni Beth na mag-inventory. Araw-araw daw kasi iyong ginagawa sa pagbubukas nila. Si PJ ay abala sa paghahakot ng mga damit sa loob ng stockroom na tatatakan pa ng presyo. Pagkatapos ay inilalabas nito ang mga stocks na may tatak na. Si Mia naman ang bahalang mag-arrange ng mga iyon sa puwesto kung saan tapos nang mag-inventory si Beth.

Ganoon lang daw ang routine kada umaga. Tingin ni Katrina ay magugustuhan niya ang trabaho roon lalo’t kasundo niya agad ang mga kasama.

Chapter Three



Nang may dumating ng customer ay agad itong hinarap ni Katrina. Nilapitan lang niya ito at nginitian, pero hindi niya kinulit. Sa personal experience kasi niya, ayaw niyang kinukulit siya ng mga saleslady kapag namimili siya sa mall. Kaya naman hindi niya ginawa iyon ngayong siya na ang saleslady.

Hawak-hawak ng customer ang dalawang blusa na magkapareho ng design pero magkaiba ang kulay—isang brown at isang green. Animo naguguluhan ito kung ano ang pipiliin sa dalawa. Pinagmasdan niya nang maigi ang customer. Nasa mid-forties ito. Magaan ang aura nito at mukhang masayahin.

“If you don’t mind Ma’am, magbibigay po sana ako ng opinyon. Mukhang nahihirapan po kasi kayong mamili sa dalawa,” aniyang nakangiti rito. Nagtaas naman ito ng tingin sa kanya at nginitian siya.

“Sige nga, hija. What do you think suits me better?”

“Para sa ’kin po, mukhang mas babagay po sa inyo ang kulay green. Because of your light aura. Magaan din po sa mata ang kulay green. But of course, it’s still your choice, Ma’am,” magalang niyang saad.

Tumango ito. “I believe you. Sige, ito na ang kukunin ko.”

Natuwa naman siyang naniwala ito sa kanya kaya mas lumawak pa ang pagkakangiti niya sa babae. “May iba pa po ba kayong hinahanap, Ma’am?”

“Yeah. Gusto ko sana ng slacks.”

“Dito po tayo, Ma’am.” Iginiya niya ito patungo sa section ng mga pantalon.

Mayamaya pa, dala-dala ang mga pinamili ng customer ay sinamahan na niya ito sa counter.

“Thank you, Ma’am. Balik po kayo,” ani Beth na siyang nasa counter matapos iabot sa babae ang nakabalot nang mga pinamili nito.

“Sure. She’s very helpful,” tukoy ng customer kay Katrina. Sakto namang lumabas ng stockroom si Aljed.

“Thank you po, Ma’am.” Bahagya siyang yumuko sa harapan nito bilang pagbibigay galang.

“You have good eyes and taste, hija. Keep that up at siguradong mas tataas ang sales n’yo. O, siya, I better go now.”

“See you again, Ma’am!”

“Naks naman! Unang customer sa araw na ’to, unang sales din, care of Katrina. Ikaw na!” Pumalakpak si Beth pagkasabi niyon. Ganoon din sina Mia at PJ. Nahihiyang napayuko na lang siya. Nandoon pa rin si Aljed. Nakasandal ito sa pintuan ng stockroom nila at nakaharap sa kanya.

“Keep it up, Katrina,” anito. Sasagot pa sana siya, pero pumasok na ulit ito sa stockroom.

“Ganoon talaga iyon, girl. Palaging busy. Nag-aaral pa kasi siya,” ani Beth nang makita ang bahagyang pagkadismaya sa kanyang mukha. Pagkaraan ay nagkuwento ito tungkol sa boss nila. Pagkatapos niyang malaman ang tungkol sa lalaki ay tila nagsimulang sumasal ang tibok ng puso ni Katrina. Humanga siya sa kasipagan at tiyaga nito.

“May girlfriend na ba si Sir?” pabulong niyang tanong kay Beth.

Natatawa nitong sinundot ang tagiliran niya. “Ikaw, ha? Ang bata-bata mo pa, marunong ka nang tumingin ng good catch.”

“Shh!” saway niya rito. “Mukha namang suplado. Hindi yata uubra ang ganda ko sa kanya.”

“Hindi siya suplado. Sa totoo lang, mabait si Kuya Aljed, tahimik nga lang. Pero kapag tumagal-tagal ka na rito, makakagaan mo na rin siya ng loob. Ganoon lang talaga iyon sa simula. Pero kapag trabaho, trabaho talaga. D’on lang siya istrikto. Kaya kapag nasa paligid siya, dapat kumilos ka talaga.”

“Okay, noted. Salamat sa tip!” Kinindatan niya si Beth at saka hinarap ang sumunod na customer na pumasok sa shop.



“Ang linis na ng sahig natin, Trina. Baka naman madulas na ang customers natin sa sobrang linis,” pagbibiro ni PJ kay Katrina.

Iyon ang naabutan ni Aljed. Nagwawalis na naman kasi ang dalagita. Napangiti tuloy siya nang bahagya bago pumasok sa stockroom para gawin ang research na isa-submit niya

mamayang gabi sa klase.

Habang kahirap ang laptop ay lumilipad naman papunta sa labas ang diwa niya. Nagkakasiyahan kasi yata ang mga kasamahan niya roon. Mukhang pinagkakaisahan ng mga ito si Katrina na hindi naman inaatasan ng huli. Ilang araw pa lang ang dalagita roon, pero tila kasundong-kasundo na nito ang mga katrabaho. Parang gusto tuloy niyang mainggit.

Bumuntong-hininga na lamang siya saka nag-focus na sa ginagawang research. Nang matapos niya iyon ay nagdesisyon siyang lumabas ng stockroom. Bakit ba kasi niya ikinukulang ang sarili sa loob samantalang dati-rati siyang nakikisama sa mga tauhan?

Pagkalabas niya ay muntikan siyang mapabunghalit ng tawa nang makitang nagkukumahog na bumaba sa mahabang stool si Katrina. Tumalikod na lang muna siya saglit sa mga ito para itago ang pagtawa niyang iyon. Pagharap niya sa mga ito ay nagpapakaabala na si Katrina sa pag-aayos ng mga damit.

“Kat, okay lang na umupo paminsan-minsan. Basta ba wala nang kailangang gawin. Hindi ko naman ipinagbabawal na umupo kayo.”

“T-thank you po, Sir.”

“Sir? Himala po yata at lumabas kayo? Akala namin may bago kayong patakaran ngayon, eh. Na dapat hindi maiwanang walang tao ang stockroom,” pagbibiro ni Beth na sinundan ng pagtawa nina Mia at PJ. Samantala, halatang pinipilit pigilan ni Katrina ang pagguhit ng ngiti sa mga labi nito.

“Oo nga naman, Sir. Natatakot po tuloy sa inyo si Trina,” segunda ni PJ na ikinapagtaka niyang tinawag din siyang ‘Sir’.

“Ano’ng nakain n’yo at may pa-Sir-Sir pa kayong nalalaman ngayon? Masyado naman yata kayong naging magalang, iniwan ko lang kayo nang ilang saglit dito sa labas,” pagsakay ni Aljed sa kalokohan ng mga ito.

“Eh, Sir, baka po kasi sabihin ni Trina, bad influence po kami,” sagot ni Mia. Napalingon siyang muli kay Katrina na binibigyan na ng masamang tingin ang mga kasama habang pulang-pula ang mga pisngi. Hindi na tuloy napigilang matawa ni Aljed.

“Siyanga naman, Kat. You can call me ‘Kuya’ as well. Naiilang din ako sa pagtawag mo ng ‘Sir’. Napansin mo sigurong walang tumatawag sa ‘kin nang ganoon dito?’ aniyang nakangiti rito.

“S-sige po, K-Kuya Aljed,” sabi nitong hindi

makatingin sa kanya.

“That’s better!” Kahit sa totoo lang ay mukhang mas gusto niyang tawagin na lang siya nito sa pangalan niya. Mukhang masarap kasing pakinggan sa tainga ang pangalan niya nang sinambit nito. Iyon nga lang, panira ang ‘Kuya’ na kadikit niyon.

Here you go again being a cradle-snatcher, Aljed, saway ng bahaging iyon ng isip niya. Kung bakit kasi ang cute-cute tingnan ni Katrina habang namumula ang mga pisngi sa hiya.

“It’s almost lunchtime. Mauna na kayong kumain, girls. Susunod kami ni PJ,” turan niya sa mga ito saka pumuwesto na siya sa cashier para palitan si Beth.

“Okay! Taralets!” yaya ni Beth saka inakay sa braso si Katrina at si Mia.

“Ganda niya, Boss, ano?” ani PJ sa kanya matapos ikiling ang mukha sa kaaalis lang na mga kasamahan.

“Loko. May gatas pa sa labi iyon.” Siniko niya ito.

“Eh, mukhang may sariling isip naman na. Kita mo nga’t naghanap pa ng trabaho,” pang-uudyok pa nito.

“Tigil-tigilan mo nga ako, PJ. Makakasuhan

tayo sa iniisip mong iyan.”

Nagtatawa si PJ sa sinabi niyang iyon. Pero sa totoo lang ay kailangan yata niyang paulit-ulit na paalalahanan ang sarili sa mismong sinabi niya rito dahil mukhang malakas ang magic spell na mayroon ang dalaga.

May iilan na ring pagkakataon na natatagpuan ni Aljed ang sariling palihim na sumusulyap dito. Napapangiti siya habang nakikita itong nakikipagbiruan sa mga kasamahan. Napapabilib siya sa nakikitang kasipagan nito. Minsan ay nawawala ang konsentrasyon niya sa pag-aaral dahil dito. Napabuntong-hininga siya kapagkuwan.

Lalo namang nagtatawa si PJ sa iginawi niyang iyon. Napailing-iling na lang siya.



Abala sina Aljed at PJ sa pagpapasok ng iilang box ng mga bago nilang in-order na items kaya labas-pasok sila sa stockroom. At sa ilang beses niyang paglabas-masok ay napansin niyang nandoon pa rin ang binatang alam niyang may puwesto ang mga magulang sa labas ng shop nila. Fashion jewelry ang ibinibenta ng mga ito. Pansin niya ang kakaibang pagtingin nito kay Katrina kaya bahagyang uminit ang ulo niya.

“PJ, ikaw na’ng bahala sa mga natitirang iyan,” utos niya saka nilapitan ang binatang customer. “Carlo, ano’ng sa ’tin at bigla ka yatang napabisita dito sa ’min?” aniya rito matapos itong tapikin sa balikat.

“Ah, nagpapatulong po siyang maghanap ng khaki pants, Sir. I mean, Kuya Aljed,” sagot ni Katrina sa kanya.

Tumango-tango siya. “Mukhang kanina ka pa rito, ah. Wala ka pa rin bang napipili? O baka naman iba ang talagang hinahanap mo?” pabiro niyang tanong kahit ang totoo ay naiinis na siya sa iginagawi ni Carlo.

Tumawa ang binatang naka-uniform pa. Nasa second year college ito sa pagkakaalam niya. Minsan lang itong dumalaw sa puwesto ng mga magulang nito. At sa miminsang pagkakataong iyon ay ngayon lang ito pumasok sa shop nila para pumili *kuno* ng bibilhin.

“Bilis mo naman akong ibuking, Kuya,” saad nito. “Ang ganda kasi ng bago n’yong saleslady, eh. Naengganyo tuloy akong bumili.”

Tumawa nang bahagya si Aljed para hindi ito mapahiya. “Mas lalo ngang tumaas ang sales namin dahil sa kanya.” Binalingan niya si Katrina na yukong-yuko na ang ulo dahil siguro

sa hiya. “Kat, pakiharap naman ’yung customer, o.” Ininguso niya ang kararating lang nilang customer.

Nang umalis si Katrina sa harap nila ay agad ding lumabas ng shop si Carlo at bumalik sa puwesto ng mga ito sa labas. Akala niya ay hindi na ito manggugulo pa. Pero laking pagkakamali niya dahil kinabukasan ay nandoon ulit ito pagkabalik ng mga tauhan galing lunch break.

“Carlo, kung hindi ka naman talaga bibili, ’wag mo nang pagurin si Kat,” saway niya rito sa pabirong pamamaraan saka dumiretso sa stockroom. Pagkasara niya ng pinto ay kusang nawala ang ngiti niya at nauwi iyon sa pagsimangot. Nagpakaabala siya sa loob saka lumabas saglit para i-check kung nandoon pa rin ang binata. Sa malas ay nandoon pa nga ito. Pero naunahan na siya nitong magsalita.

“S’abi naman sa ’yo Kuya, bibili talaga ako, eh,” wika nito habang iwinawagayway ang nakabalot na nitong binili.

“Salamat naman,” nakangiti niyang sabi. “Kaso hihiramin ko muna si Kat tutal ay hindi mo na kailangan ang serbisyo niya. Kat?” tawag niya sa dalagita na agad na lumapit sa kanya.

“Yes, Sir? Err... K-Kuya?”

“Wala namang customer, tulungan mo muna akong maglagay ng presyo sa stockroom.” Nauna nang pumasok doon si Aljed. Hindi nagtagal ay sumunod na rin ito sa kanya.

“Iyang mga iyan, tatakan mo ng tigtu-two hundred fifty.” Ibinigay niya rito ang ginagamit niyang pantatak ng price tags.

“Okay po.”

Ilang sandali, nang magsimula na itong gawin ang iniutos niya habang siya ay nakaharap sa laptop na kunwari ay may ginagawa, hindi niya napigilang usisain ito.

“Pinopormahan ka ba ni Carlo?”

Nag-angat ng tingin sa kanya si Katrina saka pinamulahan ng mga pisngi nang magtagpo ang kanilang mga mata.

“Hmm... Parang nagpapahaging nga po, Sir, este, Kuya.”

Pinag-aralan niya ang kaharap. “Hindi ka yata masanay na tawagin akong ‘Kuya’. Just go on with Sir, kung diyan ka mas komportable.”



Gustong ipangalandakan ni Katrina sa kausap na ayaw kasi talaga niyang tawagin itong ‘Kuya’. Dahil mas gusto niya itong tawagin sa mismong pangalan nito. Kaya lang syempre ay

hindi naman makatarungan iyon dahil amo ito samantalang empleyado siya.

“So, nanliligaw nga?” balik-tanong ni Aljed sa kanya pagkaraan.

Nakagat niya ang labi sa pagkapahiya. Diyata’t mapagkakamalan pa siya nitong naglalandi sa oras ng trabaho. “Hindi ko po sigurado. Pero huwag po kayong mag-alala, pagsasabihan ko na po siya sa susunod kung uulit pa po sa pagpapapansin sa oras ng trabaho.”

“Iniisip ko lang ang kapakanan mo. Masyado ka pang bata. Ayoko lang na magkaroon ka ng boyfriend dito at baka sabihin ng mga magulang mo na pinapabayaang ka namin kahit alam naming minor ka pa. I hope you understand.”

Maligaya na sana si Katrina sa pag-aalalang iniuukol ni Aljed sa kanya, pero binawi iyon ng huling sinabi nito tungkol sa pagiging minor niya. Para na rin nitong sinabing hinding-hindi ito magkakamaling magkagusto sa kanya dahil menor de edad pa siya.

What do you expect, Katrina? He’s twenty-four while you’re just fifteen. Nine years ang age gap ninyong dalawa. Kung mag-gi-girlfriend man iyan ay paniguradong’yung nasa kolehiyo na rin kagaya niya.

“Of course, Sir. I totally understand. Thank you po sa concern,” aniya sa pormal na boses.



Nanibago si Aljed sa tono ng pagsagot ni Katrina sa kanya sa pagkakataong iyon. Hindi kasi iyon ang nakasanayan niyang tono nito kapag nakikipag-usap sa kanya. Kadalasan ay magalang ito, malambing o di kaya ay nahihiya. Pero ngayon ay bigla yata itong naging pormal.

At hindi lang iyon nagtapos sa araw na iyon. Magmula noon ay pormal na itong makipag-usap sa kanya. Sobrang pormal na para bang may kinikimkim itong sama ng loob. Pero dahil hindi naman ito pagalit magsalita, hindi niya ito magawang kuwestyunin.

Isang beses ay naabutan niya itong may hawak-hawak na heart-shaped box ng *Ferrero* at maliit na stuffed toy. Agad nitong itinago iyon sa likuran nito nang mapansin ang presensya niya. Bago pa man siya pumasok sa stockroom ay tinawag niya si PJ.

“Ba’t may hawak-hawak na *Ferrero* at stuffed toy si Kat?” kunot-noong tanong niya.

Napakamot ito sa batok bago nakuhang sumagot. “Eh, ’yung kaibigan ko kasing si Alvin. Nabihag yata sa ganda ni Trina, kaya ayun, may

pa-tsokolate at stuffed toy. Pero hindi naman siya nang-iistorbo sa trabaho, Boss. Nasa labas lang siya ngayon.” ‘Boss’ ang kadalasang tawag nito sa kanya lalo na kapag ganoong seryoso siya.

“Nasa labas? Bakit?” nagtatakang tanong ni Aljed. Nadagdagan pa yata ang kunot sa noo niya sa pagkakataon iyon.

“Eh, naghihintay kasi ng out natin. Iti-treat daw niya kami d’on sa barbecue-han.”

“Kasama si Kat?”

“Gan’on na nga, Boss.”

Napalunok siya kapagkuwan. “Sige na.” Ang ibig sabihin niyon ay puwede na itong lumabas.

Gustong ipatawag ni Aljed si Katrina para kausapin, pero pinigilan niya ang sarili. Masyado na yata siyang nanghihimasok sa buhay nito kung gagawin niya iyon. Tapos na niya itong pinaalalahanan. Siguro naman ay wala na siyang kasalanan kung magbo-boyfriend ito sa kabila ng pagpapaalala niya.

Iyon ba talaga ang concern mo? tanong sa kanya ng bahaging iyon ng isip niya.

“Sh*t!” Nahampas niya nang bahagya ang mesa sa inis.

Chapter Four



Na ang malapit na ang oras ng uwian ay lumabas na si Aljed ng stockroom.

“Sige na, ako na’ng bahalang magsara dito. May lakad pa yata kayo,” seryoso ang mukhang sabi niya sa mga ito kapagkuwan.

“Boss, tutal ay wala kang pasok ngayon, ba’t di ka na lang sumabay sa ’min? Bonding-bonding na rin tayo,” aya ni PJ sa kanya.

“Hindi na. Nakakahiya sa kaibigan mo.”

“Naku, hindi! Walang problema, Boss.”

“Oo nga naman, Kuya. Sama ka na,” ani Beth. Si Mia ang sunod na kumumbinsi sa kanya. Si Katrina na lang talaga ang hinihintay niyang magsalita.

“Baka may gagawin pa si Sir. Nakakahiya naman. Makakaistorbo lang tayo sa kanya,” sabi nitong walang emosyon ang mukha. Nainis tuloy lalo si Aljed.

“Wala naman akong gagawin. Sige, sasabay na ’ko. Mapilit kasi kayo. Maliban na lang sa isa diyan,” pabulong niyang sabi, pero narinig pa rin iyon ng mga kasamahan. Tuloy ay puno ng panunudyo ang mata ng mga ito habang tinitingnan silang dalawa ni Katrina. Mukhang ipapahamak talaga siya ng pabugso-bugso niyang damdamin.

Nang nasa barbecue-han na sila ay kanya-kanya nang nagsiupo ang mga ito. Huli siyang umupo at mukhang sinadya pa ng mga itong makapuwesto siya sa tapat ni Katrina. Ikasisiya na sana niya iyon kung hindi lang nasa tabi ng dalagita ang kaibigan ni PJ.

Habang kumakain at nagkukuwentuhan ang mga ito ay tahimik lang si Aljed. Pagdating ng bill ay siya ang kumuha niyon. Akmang kukunin na niya ang wallet nang pigilan siya ng kaibigan ni PJ.

“Ako na, pare,” anito nang bahagyang nakangiti kahit halatang naiilang sa presensya niya.

“Nakakahiya naman. Sabit lang ako dito.”

“Ayos lang. Ilaan mo na lang sa suweldo ang panlilibre mo sa kanila,” biro pa nito na tinanguan na lang niya. Mukhang mabait ito. But it didn’t change the fact that Katrina was still too young to be in a relationship.

And she’s not too young for you? tukso sa kanya ng bahaging iyon ng kanyang isipan.

“Sige ba. Sa suweldo ay ako naman ang bahala.”

Naghiyawan ang mga kasamahan niya dahil doon. Pero hindi siya lubos na natuwa nang mapansing bahagya lang ngumiti si Katrina.

Bantay-salakay ka rin, pagpapamukha sa kanya ng bahaging iyon ng kanyang isipan.



“Siyanga pala, Trina, pinapabigay ni Kuya Aljed sa ’yo.” Iniabot ni Beth sa kanya ang isang envelope. Pauwi na sila noon. Iyon ang huling araw niya sa trabaho. Sa susunod na linggo ay enrollment na.

Kusang kumabog ang puso niya nang tanggapin iyon. Isang card na may nakasulat na magandang quote ang naroon at may nakasabit na green knitted bracelet.

“Ba’t hindi na lang siya ang mismong

nagbigay?” aniya habang mariing hinawakan ang pulseras.

“Aba, malay ko. Nagtataka nga rin ako, eh. Kayo, ha? May something ba sa inyo?”

Umikot paitaas ang mga mata ni Katrina sa sinabi nito. “Ano bang something? Eh, ang ilap-ilap niya. At saka ang tingin lang niya sa ’kin ay may gatas sa labi.”

Natawa si Beth. “Pero feeling ko may something si Kuya Aljed sa ’yo. Hindi naman siya nagbibigay ng kung anik-anik sa ’min, eh. Sa ’yo lang. Baka nagpipigil nga lang kasi ang bata-bata mo pa. Intindihin mo na lang. Siyanga pala, hindi ka ba talaga makakasama sa ’min bukas sa *Costa Marina*?”

Napalabi si Katrina. “Mas malamang kasi talagang hindi ako payagan. Tatawid pa kasi tayo ng dagat. Kung sana sa malapit lang, p’wede pa. Pero susubukan ko pa ring magpaalam,” tugon niya saka nagpaalam na sila sa isa’t isa.

Pagkauwi ay agad na nag-isip ng alibi si Katrina. Tinext niya si Sarah para kakuntsabahin ito. Nang pumayag ito ay agad siyang nagpaalam sa mga magulang. Ang sinabi niya ay tatambay lang siya sa bahay ng kaibigan. Tuwang-tuwa si Katrina nang pinayagan siya ng mga ito. Iyon

nga lang ay sa hapon pa siya pinayagang umalis.

Pero hindi bale na. Ang importante ay makasama niya kahit saglit lang si Aljed. Gusto niyang personal itong tanungin tungkol sa ipinabigay nitong pulseras na suot na niya ngayon.



Nakipag-inuman si Aljed sa mga kasamahan sa trabaho. At dahil hindi siya sanay na uminom ng alak ay mabilis siyang natamaan niyon.

“Ano’ng s’abi ni Kat pagkabigay mo n’ong pinapabigay ko, Beth?”

“Nagtanong kung ba’t hindi raw po ikaw mismo ang nagbigay sa kanya niyon. Bakit nga ba, Kuya?” nanunuksong saad nito.

“Baka iba ang isipin niya kung ako mismo ang magbigay. Mabuti na ’yung gan’on na lang. Less complications.”

“Tinamaan ka, Jed, ano?” tukso ni PJ sa kanya.

Marahan siyang napailing. “Ang bata-bata pa niya. Isa pa, ang tanda ko na rin para sa kanya.”

“Pero type mo, Kuya?” pang-uusyoso ni Mia.

Lumagok muna siya ng isa pang baso ng beer bago sumagot. “Siguro kung magkaedad lang kami, niligawan ko na,” may bahagyang ngiti sa mga labi na pag-amin niya pagkaraan.

Samantala, sabay-sabay namang naghiyawan sina Beth at Mia dahil doon. Pumalakpak din sa tuwa si PJ. Natawa na lang siya sa mga ito.

Nang makaramdam na siya ng pagkahilo ay inaya na niya ang mga itong umuwi. Pero dahil nagkakatuwaan pa ang mga ito ay sinabihan siyang magpahinga na lang muna roon. Nagpakuha na lang siya ng kuwarto dahil gusto na talaga niyang humiga.

Hindi niya alam na ganito pala ang pakiramdam nang malasing. Unang beses kasi ito na naparami si Aljed ng alak na nainom. Hindi kasi talaga siya ang tipo ng taong palainom ng alak.

Nang maihatid na siya ni PJ sa kuwartong kinuha ay ni hindi na niya nagawang maghubad ng t-shirt kahit pa pawisan na iyon. Basta na lang siyang humiga saka pumikit.



Pagkarating ni Katrina sa *Costa Marina Beach Resort* ay agad niyang hinanap ang mga katrabaho. Nawala lang ang excitement niya nang hindi makita si Aljed sa kumpulan ng mga ito.

“Si...” Hindi niya maituloy ang gustong sabihin dahil tinubuan siya ng hiya.

“Si Kuya Aljed? Nandoon sa kuwarto. Lasing

na kasi,” ngingiti-ngiting tugon ni Beth sa kanya.

Nag-alala siya. “Masyado bang maraming ininom? Ba’t kayo, okay pa naman?”

“May exposé kasi kaya naparami ng inom.” Si PJ naman ang sumagot, ngingisi-ngisi rin. “Gusto mo bang kamustahin?”

“O-okay lang kaya?” nagdadalawang-isip na saad niya.

“Okay na okay! Sige na, puntahan mo sa room fifteen,” udyok ni PJ sa kanya.

Kahit nagdadalawang-isip ay nanaig pa rin ang kagustuhan ni Katrina na makita si Aljed at makamusta. Pagdating niya sa labas ng kuwartong inookupa nito ay nagbilang pa siya nang hanggang sampu bago tuluyang kumatok sa pinto niyon. Inulit niya ang pagkatok nang wala pa ring nagbukas. Pagkaraan ng ilang sandaling paghihintay ay pinihit niya ang doorknob. Nang malamang hindi naman pala iyon naka-lock ay binuksan na niya iyon at tumambad sa kanya ang binatang nakahiga.

Naawa siya sa itsura nito. Pawisan ang mukha ni Aljed habang malalim ang paghinga. Nagpasya siyang punasan ito. Binasa niya ang dalang panyo sa banyo saka pinunasan ang mukha ng lalaki. Bahagya itong napaungol sa ginawa niya, ngunit

tulog na tulog pa rin ito.

Napansin niyang pawisan din ang suot nitong t-shirt kaya naisipan niyang hubarin iyon. Napapalunok pa siya habang dahan-dahan iyong hinuhubad. Nang tumambad sa kanya ang saktong hubog ng pangangatawan ni Aljed ay hindi niya napigilan ang mga matang pagpiyestahan ito saglit. Mayamaya pa ay pinupunasan na rin niya ang pang-itaas nitong katawan. Pagkatapos ng ginagawa ay nagpasya na siyang umalis doon. Nakakahiya kung abutan pa siya ng binata sa ganoong sitwasyon.

Akmang tatayo na si Katrina mula sa pagkakaupo sa gilid ng kama nang bigla nitong hawakan ang kanyang kamay. Paglingon niya rito ay nakamulat na pala nang bahagya ang mga mata ni Aljed. Hindi tuloy niya mahagilap ang kanyang dila. Napalunok siya sa sobrang kabang naramdaman.

“Ang ganda naman ng panaginip ko,” nakangiting saad ng lalaki kapagkuwan. “Will you stay by my side, my angel?” pakiusap nito saka marahan siyang hinatak upang tumabi rito. Mayamaya pa ay nakapikit na itong muli. Hindi maiwasan ni Katrina na kiligin sa ginawi ng binata. Lalo na sa itinawag nito sa kanya.

My angel? Nakakakilig! hiyaw niya sa loob-loob. Kapagkuwan ay malaya niyang tinitigan ang mukha ng natutulog na boss. Kinabisa niya ang bawat parte niyon. Maaaring iyon na ang huling pagkakataong masilayan niya nang ganoon kalapit ang mukha nito kaya nilubos-lubos na niya.

Hindi kataka-takang nagka-crush siya rito. Guwapo talaga si Aljed. Hindi pang-artistahing guwapo pero malakas ang sex appeal nito. Matangkad ito; siguro ay nasa five-nine ang height nito. Isa pa ay nakakawala ng bait ang pagiging neat nito. Palagi itong parang fresh na fresh kahit pa pawisan minsan sa trabaho. Kahit na pawisan ay amoy mabango pa rin ito.

Mayamaya pa ay napatitig si Katrina sa bahagyang nakabukang mga labi ng binata.

Ano kaya kung halikan ko siya? Tatal ay lasing naman siya. Hindi siguro siya magigising sa isang smack lang.

Napalunok siya. Habang titig na titig pa rin siya sa mga labi nito ay dahan-dahan siyang yumuko hanggang sa gahibla na lang ang pagitan ng mga bibig nila. Amoy beer ito pero hindi iyon nakabawas sa kagustuhan niyang halikan ito. Pumikit siya at tuluyan nang idinampi ang

kanyang labi rito.

Habang magkadikit ang mga labi nila ay napangiti siya.

My first kiss!

Lalayo na sana ni Katrina pero nanigas siya nang biglang kumilos ang mga labi nito at masuyong sinakop ang kanyang bibig. Napamulagat ang kanyang mga mata.

OMG! He's kissing me back! natatarantang bulalas niya sa loob-loob niya.

Nang tingnan niya ito ay nakapikit pa rin ang binata. Hindi tuloy malaman ni Katrina kung gising na ba ito o ginagawa lang nito iyon dahil akala nito ay isa iyong panaginip. At mas lalo siyang hindi makapag-isip nang maayos nang hawakan ng lalaki ang kanyang leeg upang mas diinan ang paghalik nito sa kanya.

“Nababaliw na yata talaga ako... para mapanaginipan ka nang ganito,” anito nang saglit na maghiwalay ang mga labi nila. Tinitigan siya nito saglit at pagkaraan ay muli nitong inangkin ang kanyang mga labi.

Kusang natutunan ni Katrina ang pagtugon sa halik ng lalaki kahit first time niya iyon. Because he was kissing her fervently. Napatukod ang mga kamay niya sa hubad nitong dibdib nang

niyakap siya ni Aljed padagan dito. Mayamaya pa ay naging magaan ulit ang mga halik nito hanggang sa tumigil na.

Nang magmulat siya ay mahimbing na ulit na natutulog ang binata. Natawa siya nang bahagya. Here she was, she almost lost her mind and all of her control. Pagkatapos ay tutulugan lang pala siya nito.

Napailing-iling siya. Akmang babangon na siya ngunit hinigpitan ni Aljed ang pagkakayakap nito sa kanya. Sa isip ni Katrina ay hindi siguro masama kung nanamnamin niya pa ng kahit fifteen minutes pa ang pagyayakap nilang iyon.



“Katrina!”

Pinukaw ng napakalakas na boses na iyon ang natutulog na dalagita. Nang magmulat siya ay agad siyang dinagsa ng laksa-laksang kaba at pagkataranta.

“Pa, Ma...” Napalunok siya dahil sa takot.

“Ano’ng ibig sabihin nito?” Sinugod ni Rolando ang katabi niyang lalaki na walang iba kundi si Aljed. Naabutan pa talaga sila nitong magkayakap! “At sino ang lalaking ’to?” Nagising lamang si Aljed dahil sa paghatak dito ng kanyang ama.

“Pa, let me explain,” halos naiiyak nang sabi ni Katrina.

Nang tingnan niya ang sarili ay wala pala siyang suot na pang-itaas na hindi naman niya naalalang hinubad niya kagabi. Mabilis na sinuot niya ang blusang nakita sa gilid ng kama.

“K-Kat? A-ano’ng ginagawa mo rito?” nagulantang na tawag ni Aljed sa kanya.

“Sino kang lalaki ka at anong kahayupan ang ginawa mo sa anak ko?” nag-aapoy sa galit ang mga matang asik ni Rolando sa binata.

“W-wala po akong alam sa n-nangyayari,” nalilitong tugon ni Aljed sa kanyang ama saka lumipat ang tingin nito sa kanya.

Nagmadaling umalis si Katrina sa kama. “Pa, it’s not what you think. Wala pong nangyari sa ‘min.”

Halos mabingi siya sa sampal na dumapo sa kanyang pisngi. “Pinagkatiwalaan kita. Hindi ko alam na kaya mong gawin sa ‘min ‘to!” Nakarehistro sa mukha ni Rolando ang pagkadismaya sa kanya.

Tumulo ang kanyang mga luha. “Pa... Please believe me.” Ngunit matigas pa rin ang ekspresyon sa mukha nito. Binalingan niya ang kanyang ina. “Ma...” Pero kagaya ng ama

niya ay makikita rin sa mukha nito ang galit at pagkadismaya.

“Ayusin mo’ng sarili mo. Hihintayin ka namin sa labas,” tanging sinabi nito.

“At ikaw,” baling ng kanyang ama kay Aljed na tila wala pa ring naiintindihan sa nangyayari, “magkita na lang tayo sa korte.” Lumabas na ang kanyang mga magulang sa kuwerto.

Paluhod na napauupo si Katrina sa sahig dahil sa panghihina ng kanyang mga binti. Nag-unahang mamalisbis ang luha sa kanyang mga mata.

“Ba’t ka nandito?” tanong ulit ni Aljed na puno pa rin ng kalituhan ang mga mata.

“I’m sorry. H-hindi ko alam na mangyayari ’to,” aniya sa pagitan ng paghikbi.

“Kat, your parents will sue me. At kahit katiting ay wala akong alam sa nangyari! Can you at least explain to me what happened?” nagpa-panic na turan nito.

“Sumunod ako rito sa inyo kahapon. Ang sabi sa ’kin ni Kuya PJ, nasa kuwerto ka na raw dahil nauna kang malasing sa kanila. Pinuntahan kita rito. Kakamustahin lang naman sana kita. Dahil hindi mo nai-lock ang pinto, pumasok na ako. Aalis na sana ako pagkatapos kitang punasan

kaya lang...”

“Kaya lang ano?” Tila hindi na ito humihinga sa paghihintay sa idurugtong niya sa sinasabi.

“You h-held my hand. S-s’abi mo ’wag akong umalis,” napayukong pahayag niya. “Hinatak mo pa ako pahiga sa tabi mo. Hanggang sa hindi ko namalayang n-nakatulog na rin pala ako.”

Pinili ni Katrina na hindi na ikuwento pa rito ang naging kapangahasan niyang halikan ito. Sa nakikita niya ngayong galit sa mga mata ng kausap ay baka makadagdag lang iyon.

“Kung gan’on, ba’t wala kang suot na pang-itaas kanina? At ako?” anito matapos tingnan ang sarili.

“Siguro hinubad ko ’yung damit ko n’ong nakaidlip na ’ko. Nabasa kasi ’yun ng tubig mula sa gripo n’ong basain ko ang panyo na ginamit kong pamunas sa ’yo. Sobrang lakas kasi ng paglabas ng tubig sa banyo. I-ikaw naman, pawis na pawis ka kaya hinubad ko ’yung t-shirt mo.”

Naihilamos ni Aljed ang mga kamay sa mukha nito. “Ano ba ’tong ginawa mo, Katrina?” Tila gulong-gulo ang isip ng binata na nagparoo’t parito sa kuwarto.

“I’ll try to explain everything to them. Huwag kang mag-alala, susubukan kong ayusin ’to.”

Tumayo na siya at lumabas na roon upang
sundan ang mga magulang.